COVID-19
Mga Katotohanan sa Bakuna

ANG MGA BAKUNA AY NAGPOPROTEKTA SA PINAKAMASAMANG BUNGA NG COVID.

- Ang bakuna sa COVID-19 ay binabawasan ang iyong panganib ng labis na pagkakasakit mula sa COVID-19, mauwi sa pagkakahospital, o pagkamatay. Pinabababa rin nito ang iyong panganib sa pagkakaroon ng mahabang COVID (long-COVID).
- Ang mga bakunang ng COVID-19 na Pfizer at Moderna ay binagong (bivalent) mga bakuna na lahat ngayon. Nangangahulugan na ang mga ito ay binago na upang maprotektahan laban sa mas pinakabagong mga uri ng virus.

ANG MGA BAKUNA AY PWEDENG PARA SA LAHAT

- Ang bakuna sa COVID-19 ay **libre** kahit na wala kang seguro (insurance).
- Hindi ka tatanungin tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.

KAHIT SINO NA 6 NA BUWANG GULANG PATAAS AY DAPAT NA MAGPABAKUNA NG HINDI BABABA SA ISANG DOSIS NG BINAGONG BAKUNA PARA SA COVID-19

- **Kahit sino 6 na taong gulan pataas** na nabakunahan na ng dosis ng binagong bakuna ay napapanahon na. Ang mga sumusunod na mga ay maaaring kumuha ng karagdagang dosis:
  - **Ang mga matatandang 65 taong gulang pataas** ay maaaring kumuha ng pangalawang dosis ng binagong bakuna, ng hindi bababa sa 4 na buwan pagkatapos ng kanilang unang dosis ng binagong bakuna.
  - **Ang mga taong nakompromiso ang imyunidad** ay maaaring kumuha ng karagdagang dosis ng binagong bakuna. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pinakamagandang iskedyul para sa iyo.
- **Ang mga taong hindi pa nababakunahan** ay dapat kumuha ng isang dosis ng binagong bakuna ngayon.
- **Ang mga taong nabakunahan na** pero hindi pa nababakunahan ng binagong bakuna ay dapat kumuha ng hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng kanilang huling orihinal na dosis na bakuna (monovalent).
- **Ang mga batang 6 na buwan hanggang 5 taong gulang** ay maaaring mangailangan ng maraming dosis ng bakuna, kabilang ang hindi bababa sa isang dosis ng binagong bakuna. Ang bilang ng dosis ay depende sa kanilang edad at kung anong bakuna (mga bakuna) ang nakuha na nila.

- Ang lahat ay dapat na mabakunahan kahit na sila ay buntis o nagpapasuso o nagkaroon na ng COVID-19.
- Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang cdc.gov/coronavirus/vaccine.

Paunawa: Ang bakunang monovalent na Novavax ay magagamit para sa mga taong 12 taong gulang pataas at bilang pampalakas na bakuna para sa mga taong 18 taong gulang pataas sa ibang sitwasyon.
Ang bakunang monovalent na J&J ay hindi na magagamit sa Amerika.

VaccinateLACounty.com
(Tagalog/Filipino)

County of Los Angeles Public Health

COVID-19
Mga Katotohanan sa Bakuna

PAANO MAKAKAKUHA NG BAKUNA

May daan-daang mga lugar (sites) sa buong LA County. Marami ay bukas kapag Sabado at Linggo (weekend) at gabi at hindi na kailangan ng tipanan (appointment).

Para makahanap ng lokasyon sa inyong lugar:

- Bisitahin ang **ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated** o tawagan ang **1-833-540-0473**.
- Tawagan ang 2-1-1 o tanungin ang iyong doktor o lokal na parmasyutiko.



May magagamit na libreng transportasyon at pagpapabakuna sa bahay .

Ang mga menor-de-edad ay kailangan ng pahintulot mula sa kanilang magulang o legal na tagapag-alaga para mabakunahan.

ANG MGA MALULUBHANG EPEKTO AY NAPAKABIHIRA

- Ang pangkaraniwang mga epekto ay kinabibilangan ng pananakit, pamamaga at pamumula kung saan ibinigay ang bakuna, pananakit ng kalamnan o kasu-kasuan, namamagang mga kulani, lagnat, panginginig dahil sa ginaw, sakit ng ulo, at pakiramdam ng pagkapagod. Ang mga epekto sa mga bata ay kinabibilangan rin ng pag-iyak, pagiging maselan, pagka-antok, at kawalan ng gana kumain.
- Ang mga epekto ay palatandaan na ang sistema ng iyong imyunidad ay **bumubuo ng proteksyon**. Maaari nitong maapektuhan ang iyong kakayahan na gumawa ng ilang pang-araw-araw na aktibidad ngunit dapat na mawala rin sa loob ng isa o dalawang araw pagkatapos mabakunahan.
- Ang mga malulubhang epekto ay bibihira.

ANG MGA BAKUNA SA COVID-19 AY LIGTAS AT EPEKTIBO

- Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng virus na nagsasanhi ng COVID-19.
- Ang mga bakuna ay sinubukan sa sampu-sampung libong tao, kabilang ang mga tao na iba-iba ang lahi, mga mas nakatatanda, at mga taong may mga medikal na kondisyon, at napag-alaman na **ligtas at epektibo .**
- Simula noong Disyembre 2020, **daan-daang milyong tao** ang ligtas nang nakatanggap ng bakuna sa COVID-19.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay patuloy na dumaraan sa **pinaka-masinsinang pagsusubaybay sa kaligtasan** sa kasaysayan ng Amerika (US).
- Walang ebidensya na ang pagbabakuna sa COVID-19 ay nagsasanhi ng mga problema sa pagkakaroon ng anak (fertility). Ligtas ang mga ito sa mga nagdadalang-tao at inirerekomenda ng mga eksperto sa pagdadalang-tao.